

Paano Ang Tamang Pagtapon ng Mga Baterya at Electronics

Noong Enero 1, 2024, inanunsyo ng Seattle ang [isang bagong](#) panuntunan na hindi pinapayagan ang mga residente na magtapon ng mga baterya at electronics sa basura.

Ang mga baterya at electronics ay nangangailangan ng espesyal na paghawak at pagtapon para sa kaligtasan. Maaari rin silang maglaman ng mga materyales na maaaring i-recycle.



Ang pagbabawal ay nalalapat sa mga baterya at electronics pati rin sa mga produktong may naka-ipit na mga baterya tulad ng mga maliliit na mga gadget, laruan, computer, monitor, at mga electronic na bisikleta.

Paano ang tamang pagtapon ng mga baterya sa Seattle

Mga Opsyon sa Pagtapon ng Baterya:

- Libreng pagbaba sa [mga Transfer station](#): North Transfer Station (1350 North 24th Street) at South Transfer Station (130 South Kenyon Street)
- Libreng pagbaba sa [Household Hazardous Waste Facilities](#): North Hazardous Waste Facility (12550 Stone Avenue North) at South Hazardous Waste Facility (8100 2nd Ave S)
- Anumang lokasyon nakalista sa [Call2Recycle.org](#) o [E-cycle WA na mga lokasyon](#)
- Ang mga residente ay maaari ring magpa-iskedyul ng isang espesyal na item pickup sa bahay na may bayad: \$5 para mga baterya, \$20 para sa kahon ng mga Espesyal na bagay (mga baterya, maliliit na kasangkapan, atbp.) o \$30 para sa mas malalaking electronic (mga TV na mas malaki sa 2 ft.)

Kung ang baterya ay sira o may depekto, dapat na ibaba ng mga customer sa isang pasilidad ng [Household Hazardous Waste Management](#) (walang bayad)

Mga Opsyon sa Pagtapon ng mga Electronics

- Libreng pagbaba sa: North Transfer Station (1350 North 24th Street) o [E-cycle WA](#) Ina mga lokasyon

- Sa bahay: humiling ng isang [Special Item Pickup](#) (\$20 para sa kahon ng mga Espesyal na mga bagay, \$30 para sa mga TV na mas malaki sa 2 ft.)

Bakit may pagbabawal sa mga baterya at electronics sa basura?

- Ang mga baterya at electronics ay maaaring mapanganib at maging sanhi ng mga sunog. Ang mga baterya ang pangunahing sanhi ng mga sunog sa aming mga Transfer na istasyon.
- Maaaring tumagas ang mga baterya ng asido at mga metal kapag hinahawakan sa batis ng basura at nakakasira sa kapaligiran.

Gagawin ng inyong tulong na maging isang pinuno ang Seattle sa pamamahala ng basura at makakatulong ang inyong aksyon na protektahan ang kapaligiran.